
# Gabay sa pagboto sa Panlalawigang Halalan ng Saskatchewan sa taong 2024




Arabic
Cree
Dene
English
French
German
Hindi
Mandarin
Punjabi
**Tagalog**
Ukrainian
Urdu

Elections SK | SK 2024 VOTES

## Tagalog

## Para makaboto sa halalan ng lalawigan ng Saskatchewan, dapat ikaw ay:



Isang Canadian Citizen

18+

18 taong gulang pataas



Isang residente ng Saskatchewan sa loob ng anim na buwan bago nabanggit ang halalan

## Magparehistro para bumoto

Kung hindi ka pa nakarehistro, dapat kang magparehistro bago ka bumoto, nang maaga o sa lugar ng botohan.




**Opsyon 1**
Bago bumoto, magrehistro online sa elections.sk.ca/register.



**Opsyon 2**
Kapag pumunta ka para bumoto, personal kang magparehistro. Kailangan mong ipakita ang iyong ID.

## Card ng Impormasyon ng Botante

Ang mga botante na nakarehistro ay makakatanggap ng isang card ng impormasyon ng botante sa koreo bago magsimula ang pagboto. Nakasaad sa card na ito ang mga lokasyon ng iyong pagbobotohan, petsa, at oras ng pagboto.




# Pagkakakilanlan (ID)

Bago ka bigyan ng balota sa lugar ng botohan, dapat mong ipakita ang iyong election worker ID na nagpapatunay ng iyong pangalan at tirahan. Mayroon kang tatlong pagpipilian para dito.

## Opsyon 1

**Lisensya sa pagmamaneho o photo ID ng hindi drayber**

Ang mga cards na ito ay nagsasaad ng iyong pangalan at tirahan. Isa lang sa mga ito ang iyong kailangan.




## Opsyon 2

**Dalawang pirasong ID**


Parehong dapat ipakita ang iyong pangalan. Dapat ipakita ng kahit isa sa mga ito ang iyong tirahan. Ang mga karaniwang tinatanggap na pagkakilanlan ay isang health card, photo ID card, school ID, mga singilin sa nakonsumo sa bahay, o statement ng bangko. Mayroong mga higit sa 50 uri ng mga ID na mapagpipilian. Ang isang kumpletong listahan ay nasa online ng www.elections.sk.ca/id.




## Opsyon 3

**Walang ID**

Ang isang kwalipikadong botante na nakakakilala sa iyo at nakatira sa lugar na iyong kinasasakupan ay maaaring magpatunay para sa iyo sa lugar ng botohan. Ang botante ay maaari lamang magpatunay para sa isa pang indibidwal.



# Mga Paraan sa Pagboto.

Maraming paraan ng pagboto! Isang beses ka lang maaaring bumoto, ngunit mas marami kang pagpipilian kung kailan at saan boboto.

## Opsyon 1

**Linggo ng Pagboto**

Ang mga lokasyon, araw, at oras ay nakalista sa iyong card ng impormasyon ng botante, o magtungo sa www.elections.sk.ca. Mayroong mga itinalagang lugar na pangparadahan para sa mga botante na may mga kapansanan. Dalhin ang iyong ID.




## Opsyon 2

**Pagboto sa pamamagitan ng Koreo**

Ang maginhawang opsyon sa mga botante, sinumang karapat-dapat na botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo bago ang Linggo ng Pagboto. Mag-apply simula Hunyo 2024 sa www.elections.sk.ca/votebymail. Kapag ang iyong aplikasyon ay tinanggap, isang ballot kit ang ipapadala sa iyong tirahan pagkatapos magsimula ang halalan. Maingat na sundin ang mga alituntunin. Kapag nakumpleto, ipadala ang ballot kit pabalik sa Elections Saskatchewan bago ang huling araw ng pagboto.



## Opsyon 3

**Pagboto sa Bahay**

Kung ikaw ay nasa bahay dahil sa kapansanan, maaari mong hilingin na may isang manggagawa sa halalan na dumating sa iyong tahanan.



## Opsyon 4

**Pagboto sa isang Kinikilalang Pasilidad**

Ang pagboto sa isang ospital, personal care home, o bilangguan ay karaniwan na para lamang sa mga residente nito at hindi pampubliko.



## Ang pagboto ay **madali!**

Narito ang mangyayari sa pagboto mo sa loob ng lugar ng pagbobotohan ng Panlalawigang Halalan taong 2024.


1 Hihilingin ng manggagawa sa halalan na makita ang ID na nagpapatunay ng iyong pangalan at tirahan. Kung wala kang ID, maaaring isang opsyon ang pagpapatunay ng iyong kakilala.




2 Kunin ang nakatiklop na balota na ibinigay sa iyo at tumungo sa likod ng voting screen para sa pribadong pagboto.



3 Buksan ang balota. Magmarka ng X sa tabi ng pangalan ng isang kandidato. Kung magkamali ka, humingi ka sa manggagawa sa halalan ng bagong balota.



4 Pagkatapos bumoto, itiklop muli ang iyong balota. Panatilihing sikreto ang iyong pinili. Huwag ipakita kaninoman kung sino ang iyong binoto. Huwag kuhanan ng ritrato ang iyong balota, at huwag itong ibahagi sa internet.



5 Ipapakita sa iyo ng manggagawa sa halalan ang kahon upang ihulog ang iyong balota.



**Kung kailangan mo ng tulong, magtanong sa isang manggagawa sa halalan. Mayroong mga pencil grip, mga clipboard, mga magnifier, at mga template ng balota na maaaring magamit kung kinakailangan. Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabasa ng balota, maaari mong gamitin ang iyong cellphone.**

**Ang impormasyon, mga resulta ng halalan, at iba pa ay makukuha sa website ng Elections Saskatchewan, www.elections.sk.ca,**

**ang opisyal na pinagkukunan ng impormasyon sa halalan.**

**Ang iyong boto ay mahalaga.**

Elections SK

SK 2024 VOTES